Ang Awit ni Maria

WARM-UP

- Alalahanin ang isang bagay na ginawa kamakailan lang ng kapamilya o kaibigan mo para sa iyo. Ikuwento mo ito sa amin.
- Mag-isip ng isang katangian na nais mong taglayin. Sino ang nagpapakita nito at bakit mo gustong magkaroon nito?
- Mayroon bang pagkakataon na may isang bagay kang ginawa dahil ito ang tama kahit pa alam mong may mga taong hindi ito magugustuhan? Bakit mo pa rin ito ginawa? Ano ang nangyari?

WORD

Sumagot si Maria, "Alipin po ako ng Panginoon. Mangyari nawa sa akin ang mga sinabi ninyo." At iniwan siya ng anghel. **LUCAS 1:38**

(Basahin din ang **LUCAS 1:46-55.**)

Matapos sabihin ng Diyos sa mga mamamayan ng Israel na sila ay minahal Niya at patuloy na mamahalin hanggang sa huli, Siya ay tumahimik sa loob ng 400 taon. Pagkatapos nito, ang isa sa mga unang nakatanggap ng Kanyang mensahe ay si Maria, isang *teenager* na nakatakdang ikasal. Sinabi sa kanya ng isang anghel na ipapanganak niya ang *Anak ng Diyos*—isang pangakong natupad (Isaias 7:14) sa pamamagitan ng isang dalaga na maituturing na pinakamahina sa lipunan. Nakakatakot ang kalagayan ni Maria dahil maaari siyang itakwil ng lalaking pakakasalan niya, ng kanyang pamilya, maging ng lipunan. Subalit ang isinagot niya ay, *"Alipin po ako ng Panginoon. Mangyari nawa sa akin ang mga sinabi ninyo."* Sa halip na matakot, ipinagdiwang ng awit ni Maria ang kadakilaan at kabutihan ng Diyos.

1 Ang Kadakilaan ng Diyos

[46]At sinabi ni Maria,"Buong puso kong pinupuri ang Panginoon, [47]at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas!" **LUCAS 1:46,47**

(Basahin din ang **LUCAS 1:48,49.**)

Ang awit ni Maria ay nagsimula sa pagpupuri sa Panginoon. Nagbigay parangal siya sa kapangyarihan, kadakilaan, at kabanalan ng Diyos. Alam ni Maria na ang Diyos na tulad nito ay hindi nangangailangan ng isang batang katulad niya, at hindi siya kailangang isama sa Kanyang mga plano dahil sa Siya ay dakila. Labis ang kanyang pagkamapagpakumbaba at kaalaman kung sino ang nakikipag-usap sa kanya kung kaya't hindi man lamang niya hiniling na iba na lamang ang piliin. Dala ng ganap na pagkabatid sa mababa niyang kaantasan at sa kanyang limitasyon, ang Diyos lamang ang kinilala ng kanyang mga salita. Paano tumugon si Maria sa Diyos? Paano tayo dapat tumugon sa Kanya? Kakalimutan ba nating sambahin ang Diyos o kamamanghaan natin ang Kanyang kalakasan, kadakilaan, at kabanalan?

2 Ang Kabutihan ng Diyos

"Kinaaawaan niya ang mga taong may takot sa kanya sa bawat henerasyon." **LUCAS 1:50**

(Basahin din ang **LUCAS 1:51-55.**)

Ipinaalala ng awit ni Maria ang katapatan at kabutihan ng Diyos sa mga mamamayan ng Israel. Dahil sa Kanyang dakilang pagmamahal sa kanila, nagpakita Siya ng awa mula sa isang henerasyon at maging sa mga sumunod na henerasyon. *Itinaas Niya ang mga nasa mababang kalagayan, binusog ng mabubuting bagay ang mga nagugutom, at tinulungan ang Israel na Kanyang lingkod*. Ang anak na ipinagbubuntis ni Maria ay bahagi ng isang plano upang iligtas ang mundo. Kung maiintindihan natin kung gaano kadakila ang Diyos, nalalaman natin kung gaano Siya kabuti sa atin. At tulad ni Maria, magagawa nating ipagdiwang ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus. Ano ang tunay na kahulugan ng awa at ng kabutihan? Paano tayo dapat tumugon sa mga ito?

.....

.....

APPLICATION

- Naranasan mo na ba ang awa at kabutihan ng Diyos? Kung gayon, paano ka nabago ng pagkakaunawa mo sa mga ito? Kung hindi naman, gusto mo ba itong maranasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng buhay mo sa Kanya ngayon?
- Paano ka lalago sa relasyon mo sa Diyos? Paano mo magagawang ituon ang iyong pansin sa Kanyang kapangyarihan, kadakilaan, at kabanalan ngayong linggo?
- Sa iyong mga kapamilya at kaibigan, sino ang kailangan pang maka-alam sa kabutihang ibinibigay ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo? Paano mo maipapakita sa kanila ang Kanyang kadakilaan at kabutihan ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kung sino Siya, sa Kanyang kadakilaan, at sa Kanyang kapangyarihan. Pasalamatan Siya sa pagpapakita ng kabutihan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo dahil sa dakila Niyang pagmamahal.

- Hingin sa Diyos na muling mag-alab ang pagkakilala mo sa Kanya at magkaroon ka ng mas malalim na pagkaunawa sa Kanyang kadakilaan at nakapagliligtas na kabutihan. Ipanalangin na mabago nito ang paraan mo ng pamumuhay at ang pakikitungo mo sa iba.

- Ipanalangin ang mga kapamilya at kaibigan mo na hindi pa nakakaunawa sa kadakilaan at kabutihan ng Diyos. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon ngayong linggo upang maibahagi kung sino ang Diyos sa kanila.

NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph